| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 14 - 18, 2024 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa ligtas na paraan ng pagtulong sa nakatatandang miyembro ng pamilya at kakilala | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang paglapat sa mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya at kakilala upang malinang ang pagiging matulungin | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging matulungin sa nakatatanda sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatanda<br>b. Napatutunayan na ang pagtulong sa mga nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br>c. Nailalapat ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga nakatatanda (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag- alalay sa kanilang gawain, at iba pa) | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nakakikilala ng mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya | Natutukoy ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya | Nailalapat ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag-alalay sa kanilang gawain, at iba pa) | Naipakikita ang pagiging matulungin sa nakatatandang miyembo ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan |
| | Naipahahayag na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Naisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Naipaliliwanag na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Napatutunayan na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyemro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila |
| *E. Integrasyon* | **Matulungin (Helpful)** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | **Pagtulong sa mga Nakatatandang Miyembero ng Pamilya at Kakilala** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | ● Meta cards/strips<br>● Awit<br>● Larawan ng mga batang tumutulong sa nakakatanda | ● Meta cards/strips<br>● Awit<br>● Larawan ng mga batang tumutulong sa mga nakatatanda | ● Meta cards/strips<br>● Awit<br>● Kuwento | ● Meta cards/strips<br>● Awit<br>● |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *1. Panimulang Gawain* | 1. **Pagbati:**<br>● Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat!<br>● Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)<br>• Awit:<br>Ako ay matulungin! Matulungin sa aking pamilya!<br>Ako ay matulungin sa mga bata at matatanda!<br>Ako ay matulungin sa lahat!<br>● **Pagganyak (motivation)** | 1. **Pagbati:**<br>● Sabihin: Kumusta kayong lahat? Tayo ay pumalakpak ng sampung beses kung tayo ay Okay!<br>● Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)<br><br>Awit:<br>Magandang araw sa inyong lahat!<br>Tulungan si nanay, si tatay sa araw-araw!<br>Tulungan si lolo, lola sa araw-araw! | 1. **Pagbati:**<br>● Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat!<br><br>Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay kumuha ng kapareha at ibahagi kung bakit ka masaya ngayong araw?<br><br>**2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?<br>Itanong ang sumusunod:<br>• Ano ang isang ligtas na paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan?<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Mahusay! | 1. **Pagbati:**<br>● Sabihin: Kumusta ang araw ninyo? Masaya ba? Malungkot ba?<br><br>Ano ang nararamdaman mo ngayong araw?<br><br>**2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon tungkol sa ligtas na paraan pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Magbigay ng halimbawa ng ligtas na paraan pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● Ipakita ang larawan ng mga batang tumutulong sa mga *nakatatandang miyembro ng pamilya*<br>(Insert pix here family<br>• pag-walis ng sahig kasama ni nanay<br>● pagpunas ng gamit kasama si ate<br>● pag hugas ng plato kasama si kuya<br>● pag tapon ng basura kasama si tatay<br>● pag lampaso ng sahig kasama si lolo<br>● pag dilig ng halaman kasama ni lola<br>● pag ligpit ng higaan kasama ang tiyahin<br>Sabihin:<br>Nakikilala niyo ba ang ginagawa ng mga bata sa larawan?<br><br>Nakikilala niyo ba kung sino ang tinutulungan ng mga bata?<br><br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• umup<br>o nang maayos,<br>• iwasan muna ang | Tulungan si ate at kuya sa araw-araw!<br>Paggalang sa kanila ay ipakita sa araw-araw!<br>**2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Ano ang natutuhan Ninyo sa ating aralin?<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Mahusay kayo!<br><br>Pumalakpak ng sampung beses.<br><br>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!<br><br>**3. Pagganyak**<br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br><br>Handa na ba kayo?<br>Para sa illus:Ipakita ang mga larawan ng mga bulleted. | **3. Pagganyak:**<br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Sabihin:<br><br>Makinig nang mabuti sa situwasyon na aking babasahin.<br>Ilahad ang sitwasyon.<br><br>Umuwi ka mula sa paaralan,<br><br>nagpaplatsa ng mga damit ang ate mo. Gusto mong tumulong. Ano ang gagawin mo?<br><br>(Tumawag ng mga mag-aaral para tumugon na nagpapakita ng pagiging matulungin.)<br><br>Sabihing, magaling!<br>Sabay sabay nating sabihin<br>**“Ako ay matulungin!’** | (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Napakahusay mga bata!<br><br>**3. Pagganyak:**<br><br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br><br>Handa na ba kayo?<br><br>Sabihin sa mag-aaral:<br><br>Paano mo maipapakita ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng iyong pamilya? Ikuwento.<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral na sasagot sa tanong.<br><br>Sabihing, mahusay!<br>Palakpakan ang inyong sarili. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | makipag-usap sa katabi,<br>• makinig nang mahusay sa guro, at<br>● kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br><br>Handa na ba kayo? | ● pagpunas ng gamit kasama si ate at batang babae na nasa unang baitang<br>● pag dilig ng halaman kasama ni lolo at batang lalaki na nasa unang baitang<br><br>Suriin Mo.<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang paraan ng pagtulong sa mga nakatatanda ang ipinahahayag sa unang larawan/ ikalawang larawan?<br>2. Bakit mo tinutulungan ang mga nakatatandang miyembro ng iyong pamilya? Ikuwento. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *2.Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br><br>Sabihin sa mga mag aaral:<br>Sa araw na ito, inaasahang makikilala ang mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br><br>Sino ang mga nakakatandang miyembro ng pamilya? | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br><br>Sabihin sa mga mag aaral:<br>Sa araw na ito,<br>Inaasahang matutukoy ninyo ang mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br><br>Inaasahang din na maisasaalang-alang ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br>Sabihin sa mga mag aaral:<br>Sa araw na ito, inaasahang mailalapat ang mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag-alalay sa kanilang gawain, at iba pa)<br><br>Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards:<br><br>Inaasahang din na | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br>Sabihin sa mga mag aaral:<br>Sa araw na ito,<br>Inaasahang maipakikita mo ang pagiging matulungin sa nakatatandang miyembo ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan. |
| | Tumawag ng mga batang nais sumagot.<br><br>Inaasahang din na maipahahayag ninyo ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Handa na ba kayo? | pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Handa na ba kayo? | maipaliliwanag na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Handa na ba kayo? | Inaasahang din na mapatutunayan na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyemro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Handa na ba kayo? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *3.Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Gamit ang mga meta cards/strips na may nakasulat ng mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya<br>basahin ang mga salita na may gabay ng guro. Itambal ang larawan.<br>Para sa illustrator: paki drawing ang mga nakalagay sa mga meta cards/strips/ bulleted pls. salamat<br><br>● pagtulong kay lola sa pag-walis ng sahig<br>● pagtulong kay ate pagpunas na gamit<br>● pagtulong kay kuya sa pag hugas ng plato<br>● pagtulong kay tatay sa pag tapon ng basura | Sabihin sa mga mag-aaral, muli nating tignan ang mga larawan nag papakita ng pagtulong sa mga nakakatandamg miyembro ng pamilya.<br><br>Makining sa ating gagawin.<br><br>**1.** Ipapakita ko ang larawan sa inyong lahat.<br><br>**2.** Itaas ang kamay kung matutukoy mo ang papakita ng pagtulong sa mga nakakatandamg miyembro ng pamilya. Sabihin ang sagot kung ikaw ay tinawag.<br>**3.** Sabihin mo kung ang pagtulong mo sa nakakatanda ay ligtas o hindi ligtas.<br><br>Malinaw ba ang panuto? Subukan natin. | Ipakita ang mga meta cards at basahin ng may gabay ng guro.<br>Para sa illustrator, pki drawing ang mga bulleted. salamat<br>● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>● Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>● Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>● Ang pagayos sa mga kagamitan ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br><br>Sabihin, mga bata ang mga grupo ng mga salita na nakikita ninyo ay halimbawa ng mga | Ipakita ang mga meta cards at basahin ng may gabay ng guro.<br>Para sa illustrator, pki drawing ang mga bulleted. salamat<br><br>● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Drawing<br>● Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Drawing<br>● Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Drawing<br>● Ang pagayos sa mga kagamitan ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Drawing |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● pagtulong kay nanay sa paglalampaso ng sahig<br>● pagtulong kay lolo sa pagdidilig ng halaman<br>● pagtulong kaya tiyahin sa pagliligpit ng higaan<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>Ano-anong mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang sagot.<br><br>Sabihin, mahusay! Nakikilala ninyo ang mga paraan ng pagtulong sa mga mga nakakatatandang miyembro ng pamilya. | Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral at sundin ang panuto.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>**Mahalagang tandaan ang mga ligtas na pamamaraan ng pagtulong sa mga nakakatanda.** | ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br><br>Ano ang kaya mong gawin? Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipahayag ang kanilang sagot.<br><br>Sabihin, mahusay! Nakikilala ninyo ang mga mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya. | Itanong sa mga mag-aaral:<br>Paano mo maipakikita ang pagiging matulungin sa nakatatandang miyembro ng pamilya?<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipahayag ang sagot.<br><br>Sabihin, mahusay ikaw ay tumutulong sa mga nakatatandang miyembro ng inyong pamilya! |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

**Hab**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *4.Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>● Magkaroon ng dyad/ pangdalawahan, humanap ng kapareha.<br>● Punan ng letra upang mabuo ang mga salita na may | Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ngayon ay maglalaro.<br>Gawain 1<br>Ang pamagat ng ating laro ay: **Ligtas o hindi ligtas**.<br><br>Para sa illus: Kailangan ng mga larawan ng nagpapakita ng hindi | Sabihin sa mga mag-aaral: May ikukuwento ako sa inyo.<br>Ang pamagat ng aking kuwento ay Si Dino.<br>Handa na ba kayong makinig?<br>Si Dino<br>May isang mabait at mapagmahal na pamilya na nakatira sa payak na bahay.<br>Ang pamilya ay binubuo ni lolo, lola, tatay, nanay at si Dino. Ang mga lolo't lola ni Dino ay | Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ay maglalaro!<br>Ang pamagat ng ating laro ay **Ikilos Mo!**<br><br>Makinig nang mabuti sa panuto.<br><br>1. Lahat ay tumayo. Babasahin ko ang isang gawain na nakakatulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Makining ng mabuti. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kaugnayan sa aralin.<br>● Makinig nang mabuti sa mga pangungusap na babasahin.<br><br>**1. A __E**<br>**2. L O __ A**<br>**3. ___U Y A**<br>**4. T __ Y A**<br>**5. L O __ O**<br><br>1. Pamitagang tawag sa pinakamatandang kapatid na babae o pinsang babae (**ATE**)<br>**2.** Magalang na tawag sa ina ng iyong mga magulang o nakatatandang babae (**LOLA)**<br>3. Tawag na may paggalang sa nakatatandang kapatid o pinsang laláki (**KUYA**)<br>**4.** Kapatid o pinsang babae ng magulang. **(TIYA)**<br>**5.** Magalang na tawag sa ama ng iyong mga magulang o nakatatandang babae **(LOLO)** | ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakakatanda.<br>1. Larawan ng kuya kasama ang batang lalaki na nasa unang baiting na naglalaro ng paputok.<br>2. Larawan ng ate na kasama ang grb1 na batang babae na naghahanda ng hapag- kainan<br><br>Narito ang mga panutong dapat sundin:<br><br>**1.** Ipapakita ko ang isang larawan. Pagmasadan ng mabuti kung ang paraan ng pagtulong sa nakakatanda ay ligtas o hindi ligtas.<br><br>**2.** Pumunta sa hanay A kung ligtas o sa hanay B kung hindi ligtas. (Ipakita kung saan ang hanay A at B)<br><br>3. Makinig sa para sa tamang sagot.<br><br>Malinaw ba ang panuto?<br>Subukin natin. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo? | matanda na at nangangailangan ng tulong sa kanilang pang-araw-araw na gawain.<br>Sila ay nagtutulungan sa mga gawain upang maalagaan si lolo't lola. Kapag si Dino ay nasa bahay, siya ang nag bibigay ng malinis na tubig kapag sila ay nauuhaw. Binibigyan din niya ng pagkain kung sila ay nagugutom. Paborito ni lolo ang *donut*!<br>Kapag gusto manood ng tv nila lolo't lola, si Dino ang umaayos nito.<br>Bago matulog, inaayos ni Dino ang kanilang higaan.<br>Mahal na mahal ni Dino ang kanyang mga lolo't lola, nakikinig siya sa kanilang mga kuwento at nakikipaglaro din siya sa kanila. Sabi ng nanay at tatay ni Dino na mahalagang maipakita ang pagmamahal at paggalang sa kanila.<br><br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Sino ang batang matulungin?<br>2. Ano ang ginagawa ng bata bilang pagtulong sa nakakatandang miyembro ng pamilya?<br>3. Bakit masaya si nanay at tatay kapag tumutulong ang mga anak nila? | 2. Kung ang aking sinabi ay nagagawa mo, ikilos mo! Gamitin ang buong katawan upang maipakita ang gawain.<br>3. Pagkatapos lahat tayo ay papalakpak ng tatlong beses at sabihing matulungin ako!<br><br>Malinaw ba ang ating panuto?<br>Subukin natin. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo?<br><br>Basahin:<br>1. Ang pagbubuhat ng mabigat na kahon para kay lolo.<br>2. Ang pag-abot ng mga gulay kay ate.<br>3. Ang pagpunas ng mga gamit ni lola<br><br>(Paalala sa guro: Maaaring maging flexible ukol sa mga gawaing nakalahad)<br><br>Mahusay mga bata!<br>Ating sabihing, '**kaya kong tumulong!'** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot.<br><br>Mahusay! | Sabihin sa mga bata, naging masaya ka ba sa ating laro? Bakit?<br><br>Mahusay! | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *5.<br>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susin g Ideya* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Suriin ang mga larawan-<br><br>Para sa illustrator: paki drawing po ang isang lolo at isang lola. Paki lagyan ng caption na- Lolo at Lola<br><br>Para sa illustrator: paki drawing po ang isang tiyo at isang tiya. Paki lagyan ng caption na- Tiyo at Tiya | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Humanap ng isang kaklase at sabihin ang isang paraan na ligtas na pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>Halimbawa:<br>● Pagtulong kay ate sa pag-liligpit ng mga plato na pinakainan<br>● Pagtulong kay kuya sa pagpapakain sa alagang aso<br>● Pagtulong kay lola/lolo sap ag-alalay o pag-abot ng malinis na tubig na iinumin<br><br>Magbigay din ng isang paraan na hindi ligtas.<br>● Pagbibigay ng gamot kay lola/lolo na walang pahintulot ng doktor<br>● Pag-abot ng mga paputok/ kuwitis kay kuya | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Tayo ay guguhit base sa kwento na ating napakinggan.<br><br>Panuto: Makinig sa aking sasabihin bago iguhit ang sagot sa kuwaderno. Gumamit ng lapis lamang.<br><br>1. Ano ang binibigay ni Dino kapag nauuhaw ang lolo at lola niya? Iguhit ang sagot.<br><br>2. Ano ang paborito ng lolo ni Dino? Iguhit ang sagot.<br>3. Ano ang nararamdaman ng nanay at tatay ni Dino kapag tinutulungan niya ang kanyang lolo at lola.? Iguhit ang sagot.<br><br>Mahusay! | Sabihin sa mga mag-aaral: Makinig mabuti panuto.<br><br>**1.** Bumuo ng pangkat na may tig-apat na miyembro. Basahin ang mga nakasulat sa meta strips.<br><br>• Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pagayos sa mga kagamitan ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br><br>**2.** Magtalakayan bawat pangkat tungkol sa pagpapakita (role play) ng ligtas na paraan ng pagtulong sa nakatatandang miyembo ng pamilya. Ang iba |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Para sa illustrator: paki drawing po ang isang kuya at isang ate. Paki lagyan ng caption na- kuya at ate<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>1. Sino-sino ang ang mga nakatatandang miyembro ng ating pamilya?<br>2. Paano mo sila tinutulungan? Ikuwento<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang tugon. | Tumawag ng mga mag-aaral at ipahayag ang kanilang sagot sa klase.<br><br>Ipaliliwanag ng guro ang mga dahilan kung ng ligtas at hindi ligtas na sitwasyon-<br>**Ligtas** ay sitwasyong malayo sa panganib<br>**Hindi ligtas** ay sitwasyong mapanganib/ magdadala sa kapahamakan<br><br>Mahusay kayo! | | sa inyo ay maaaring maging nakakatandang miyembro ng pamilya, ang iba naman ay maaring manatiling bata.<br><br>**3.** Magsanay sa nais ipakita. Maghanda upang maipakita sa klase<br><br>**4.** Humanda para sa pagpapakita ng inihandang role play ng bawat pangkat<br><br>Malinaw ba ang panuto? Subukin natin, ako ay iikot para kayo ay gabayan.<br><br>(Maglaan ng 5 minuto para sa pagsasanay at paghahanda ng mga mag-aaral)<br>Handa na ba kayo?<br><br>Mahusay mga bata!<br>Ating sabihing, **kaya kong tumulong!** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *6. Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na matukoy natin na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>Ano ang mga paraan ng paggalang sa mga nakakatandang miyembro ng pamilya? | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na maisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Muling magkaroon ng dyad o humanap ng kapareha.<br><br>Ibahagi sa iyong kapareha ang iyong sagot - kung bakit mahalaga ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) bilang indikasyon ng paggalang sa kanila. | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Mahalaga na maipaliwanag na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Ating balikan ang kuwento. Tayo ay may gagawin. Makinig mabuti.<br>**Una**, Kumuha ng kapareha<br>**Ikalawa**, Banggitin ang mga paraan na nagpakita ng paggalang si Dino sa kanyang lolo at lola.<br>**Ikatlo**, Ibahagi sa kapareha ang nararamdaman ng nanay at tatay ni Dino kapag siya ay nagpapakita ng paggalang kay lolo at lola?<br><br>Tumawag ng mga bata at ipahayag ang kanilang karanasan sa gawaing ito. | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na mapatutunayan natin na ang pagtulong sa mga nakatatandang miyemro ng pamilya (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Makinig sa mga situwasyon na aking babangitin:<br>1. Si lola ay gustong umakyat ng hagdanan para magpahing na. Ano ang gagawin mong pagtulong para maipakita nag iyong paggalang?<br>2. Dali-daling pumasok ang tatay mo sa . bahay at nagmamadaling magluto ng hapunan. Ano ang gagawin mong pagtulong para maipakita ang iyong paggalang?<br><br>Tumawag ng mga bata at ipahayag ang kanilang sagot sa klase.<br><br>Sabihing mahusay kayo! |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mga inaasahang sagot:<br><br>1.paggamit ng po at opo<br>2. pag sunod sa kanilang mga utos<br>3. pagmamano<br>4. pagalalay sa kanila | Tumawag ng mga mag-aaral at ipahayag ang kanilang sagot sa klase. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mahusay mga bata! Ang paggawa ng mga iyan ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>*Balikan natin ang mga larawan, tanungin ang mga bata, paano tayo nagpapakita ng paggalang?*<br><br>*Maikinig sa mga sagot ng mga bata.*<br><br>*Sabihin: Ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya ay indikasyon ng paggalang sa kanila.* | Mahusay kayo at palakpakan ninyo ang inyong sarili! | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *7. Paglalapat at Paglalahat* | Ipakilala ang iyong pamilya gamit na gabay ang sumusunod na mga pangungusap: | Panuto: Basahin ang pangungusap at punan ang | GAWAIN<br>Panuto: Gamit ang meta cards, pumili ng isang ligtas na pamamaran na pagtulong sa | Ipakilala ang iyong sarili gamit na gabay ang sumusunod na mga pangungusap:<br>Paghusayan mo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Paghusayan mo. Gawin ito ng pasalita.<br><br>Ako ay si ________, ang pagtulong kay __________ , sa pamamagitan ng ____________ ay tanda ng paggalang ko sa kaniya.<br><br>Tumawag ng mga ilang mag-aaral upang magbahagi ng kaniyang sagot.<br><br>Sabihin, mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at naipahahayag ninyo ang pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?<br>2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain?<br>3. Bakit mahalagang tumulong sa mga nakakatanda sa ating pamilya? | patlang mula sa mga salita sa ibaba.<br><br>matulungin<br>lolo<br>pagwawalis<br>pagpupunas<br><br>Ako ay batang _____________ . Ako ay tumutulong sa aking ____________.<br><br>Ako ay tumutulong sa ligtas na paraan katulad ng _____________.<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?<br>2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain?<br>3. Bakit mahalagang tumulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan sa ligtas na paraan?<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mag-aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay mabuting paggawa sa kapakanan ng kapuwa. | mga nakatatandang miyembro ng pamilya<br><br>• Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pagayos sa mga kagamitan ng mga<br><br>Tumawag ng mga bata upang maibahagi ang kanilang sagot sa klase, itanong din kung bakit ang napili nilay ay indikasyon ng paggalang.<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay mabuting paggawa sa kapakanan ng kapuwa.<br><br>**Magalang** ay mapitagan sa kilos at pananalita sa matatanda o nakatatanda<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga nakakatandang miyembro ng pamilya. | Gawin ito ng pasalita at gumamit ng aksyon/kilos upang maipakita ang paraan ng pagtulong sa mga nakataatandang miyembro ng pamilya.<br><br>Ako ay si __________. Ako ay tumutulong sa aking pamilya sa pamamagitan ng ____________(ipakita ang paraan ng pagtulong). Ako ay tumutulong upang maipakita ang aking _______.<br><br>Tumawag ng ilan g mag-aaral upang magbahagi ng sagot.<br><br>Sabihin, mahusay!<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay mabuting paggawa sa kapakanan ng kapuwa.<br><br>**Magalang** ay mapitagan sa kilos at pananalita sa matatanda o nakatatanda<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga nakakatandang miyembro ng pamilya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag | | | |
| | aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay mabuting paggawa para sa kapakanan ng kapuwa.<br><br>**Magalang** ay mapitagan sa kilos at pananalita sa matatanda o nakatatanda<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan:<br><br>● Pagtulong kay lola sa pagwawalis ng sahig<br>● Pagtulong kay ate sa pagtitiklop ng malinis na damit<br>● Pagtulong kay lolo sa pag-kukumpuni ng sirang silya<br>● Pagtulong kay kuya sa pagdidilig ng halaman | **Magalang** ay mapitagan sa kilos at pananalita sa matatanda o nakatatanda<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan:<br><br>● pagtulong kay lola sa pag- walis ng sahig<br>● pagtulong kay ate pagpunas na gamit<br>● pagtulong kay kuya sa paghuhugas ng plato<br>● pagtulong kay tatay sa pagtatapon ng basura<br>● pagtulong kay nanay sa paglilinis ng sahig<br>● pagtulong kay lolo sa pagdidilig ng halaman<br>● pagtulong kay tiya sa pagliligpit ng higaan | ● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pagayos sa mga kagamitan ng mga | ● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pag-akay sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang paghanda ng pagkain ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya.<br>• Ang pag-aayos sa mga kagamitan ng mga nakatatanda na may pahintulot nila |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *8. Pagtataya ng Natutuhan* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Ating gawin ang Gawain 1<br><br>Panuto: Makinig sa mga pangungusap na aking babangitin. Isulat ang tamang letra ng sagot sa iyong kuwaderno. Pillin ang mga paraan ng | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Ating gawin ang Gawain 2<br>Panuto: Isulat ang letra sa sagutang papel ang mga larawang na nagpapakita ng ligtas na pagtulong sa mga miyembro ng pamilya. | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Ating gawin ang Gawain 1<br><br>Panuto: Pakinggang mabuti ang panuto mula sa guro.<br>Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung ligtas ang paraan ng | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Ating gagawin ang Gawain 1.<br>Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin.<br>Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung naipapakita mo ang halimbawa ng pagiging matulungin sa nakatatandang miyembro ng pamilya sa ligtas ng paraan at ekis (**X**) kung hindi. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya. | | pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya at ekis (**X**) kung mali ang pahayag. | 1. Naipapakita ko ang pag-aayos ng cabinet kasama si ate.<br>2. Naipapakita ko ang pag-aayos ng mga mga baso kasama si kuya.<br>3. Naipapakita ko ang pagtutupi ng aking damit kasama si nanay.<br>4. Naipapakita ko ang pagtatapon ng basura kasama si tatay.<br>5. Naipapakita ko ang pagtulong sa pagpapakain sa alagang aso kasama si lolo<br><br>Sasabihin ng sa mga mag-aaral: **Ang pagiging matulungin sa nakatatandang miyembo ng pamilya sa pamamagitan ng mga ligtas na gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila ay nagpapakita ng paggalng sa kanila**<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral at itanong:<br><br>Bakit gusto mong tumulong sa nakatatandang miyembo ng pamilya mga gawain? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Panuto:<br>Gumuhit ng sitwasyon na nagpapakita ng patulong sa nakakatanda sa gawain sa tahanan. | Panuto: Isulat ang bilang ng mga larawang nagpapahayag sa mga ligtas na paraan sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. | Panuto: Isulat ang bilang ng mga larawang nagpapakita ng ligtas na paraan sa pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya | Panuto:<br>Gumuhit ng isang ligtas na gawain na nagpapakita ng patulong sa nakakatanda sa gawain sa tahanan. |
| *Mga Tala* | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag- aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Repleksiyon* | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko_________Nadama ko na________________ Nagpasya ako na ituon ______________________ _____ ___ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ ___ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ ___ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ ___ |

Inihanda ni:

_________________________
Guro

Nirebyu ni:

_________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________
School Head